THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#575 SEPTEMBER 16-30, 2026 FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# Lea Salonga-unang Pinay na binigyan ng bituin sa Hollywood Walk of Fame




Gumuhit sa kasaysayan ang aktres at singer na si Lea Salonga bilang unang Pilipina na binigyan ng bituin sa Hollywood Walk of Fame.

Nasaksihan sa mga ito ng mga kapwa bituin ni Salonga na dumalo sa seremonya sa Los Angeles noong Setyembre 4.

Ilan sa kanila ay ang actor, singer, songwriter na si Darren Criss at ang R&B singer na si H.E.R. na parehong may dugong Pilipino.

Si Ming Na-Wen, ang nakasama ni Salonga sa pagbibigay boses sa pelikulang Mulan, ang naging guest speaker para sa seremonya. — ***RCI***

## *Ipinagmamalaki ka ng buong Pilipinas!*



*Lea Salonga nag-pose sa isang seremonya ng bigyan ng star sa Hollywood Walk of Fame kamakailan noong Setyembre 4, 2026, sa Los Angeles.*

# Remulla, Trillanes tetestigo sa 'unexplained wealth' ni Sara



*Ombudsman Jesus Crispin Remulla, former senator Antonio Trillanes, and representatives from the Bureau of Internal Revenue, Anti-Money Laundering Council, and Securities and Exchange Commission, attend the House of Representatives Committee on Justice impeachment hearing against Vice President Sara Duterte held at the House of Representatives in Quezon City on April 22, 2026*

**PILIPINAS** — Tetestigo si dating Senador Antonio Trillanes IV, Ombudsman Jesus "Crispin" Remulla, at mahigit 20 pang opisyal kaugnay ng umano'y unexplained wealth ni Vice President Sara Duterte sa pagpapatuloy ng paglilitis sa Senate impeachment court.

Ayon kay House prosecutor at Manila 3rd District Rep. Joel Chua, handa na ang prosecution panel sa pagbusisi sa Article II ng impeachment complaint laban kay Duterte at sa kanyang asawa, Atty. Mans Carpio. Nasa higit 1,800 dokumentong ebidensya ang kanilang hawak at may 25 potensyal na testigo sa lineup.

Bukod kay Trillanes, kabilang sa mga testigo si Ombudsman Remulla o kinatawan ng kanyang tanggapan, pati na rin ang mga opisyal mula sa Anti-Money Laundering Council (AMLC), Bureau of Internal Revenue (BIR), at Securities and Exchange Commission (SEC).

"Ayoko namang pangunahan iyong team kung sino o ano iyong order of witnesses, pero Trillanes is coming," ani Deputy Speaker Paolo Ortega V, isa sa mga endorser ng impeachment complaints. Giit niya, ang pagbusisi sa unexplained wealth ang pinakamabigat na bahagi ng kaso.

Sisikapin ng prosekusyon na patunayan na si VP Duterte ay nagkamal umano ng yaman na hindi tugma sa kanyang suweldo at kita ng negosyo nila ni Carpio. Inihayag ni Chua na sa 25 testigo, 10 ang mga prominenteng personalidad na uunahing iprisinta.


Sa rekord ng panel, ang SALNs ni Duterte mula 2019 hanggang 2024 ay nakapaloob sa ebidensya. Sa 2024 SALN, idineklara lamang niya ang net worth na P88.5 milyon at "zero cash on hand" sa mga bangko.

Ang presentasyon ng ebidensya at testimonya ay pangungunahan nina prosecutor Rep. Terry Ridon ng Bicol Saro Partylist at Atty. Chel Diokno ng Akbayan Partylist.

***- Pilipino Star Ngayon***


## APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




**EXTRA PERSONNEL**
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
**2140 Kipling Avenue Unit 5**
**Toronto, ONT M9W 4K5.**

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
**Alvin Rota**
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# Hatol kay VP Sara posibleng ilabas bago mag-Disyembre – Gatchalian

**PILIPINAS - Posibleng magkaroon ng hatol sa impeachment trial ni Vice President Sara Duterte bago mag-Disyembre, ayon kay Senate President Win Gatchalian**



*VP Sara Duterte nang nakipagugnayan sa Quezon City Hall of Justice noong September 5, 2026*

"Hopefully, before December, matapos na natin. Hopefully, ha? May verdict," ani Gatchalian.

Sinabi ni Gatchalian na nakadepende pa rin ang target na ito sa bilang ng mga testigong ihaharap ng prosekusyon at depensa. Pero binanggit din niyang nagkaroon ng pagkakataon na mapabilis ang paglilitis dahil sa desisyon ng prosekusyon na bawasan ang kanilang mga testigo.

Sinabi niyang ang buong araw na mga pagdinig ay magsisimula ng alas-10 ng umaga at magpapatuloy hanggang matapos ng korte ang mga gawain nito para sa araw na iyon.

Sinabi rin niyang umaasa ang impeachment court na makapagharap ng dalawa hanggang tatlong testigo sa isang araw kapag nagsimula na ang buong araw na pagdinig.

Gayunman, sinabi ni Gatchalian na nakadepende pa rin ang magiging bilis ng paglilitis sa depensa kapag nagsimula na itong magharap ng sarili nitong mga testigo matapos makumpleto ng prosekusyon ang paglalahad ng ebidensiya nito kaugnay ng apat na artikulo ng impeachment.- ***Pilipino Star Ngayon***



# NINE FIL-CANS COMPETE FOR CIVIC ELECTIVE POSTS IN THE GTA

By Tony A. San Juan

***"Siyam na magigiting at magagaling na ating kababayang Pinoy ay lalaban sa darating na eleksyon!"*** Ayan ang ating magandang balita! Truly folks, nine Filipino Canadians are purposefully running for civic positions in the upcoming municipal elections on October 26, 2026, in the Greater Toronto Area(GTA).

Three Pinoy would like to become councillors in 2 city wards in Toronto and Mississauga; two Pinay are working for their reelection in Brampton and Ajax; two well-admired kababayan would like to serve for reelection; and another is a Toronto Catholic school board trustee position; and 2 more in Mississauga are candidates for Trustee in the Separate and public school boards. The "lucky nine" are well- qualified with their own experience, education & training, achievements, and commitment to good public service. Here they are.



Gerald Adad

### GERALD ADAD ( for Mississauga Councillor- Ward 7, Cooksville)

A community safety professional, Gerald Adad is running to become a Councillor for Ward 7 in the City of Mississauga. Ward 7 consists primarily of the Fairview and Cooksville neighbourhoods, as well as part of the Erindale neighbourhood. Born, raised and a lifelong resident of Mississauga, Adad was a high school student at Father Michael Goetz, and as a "Goetz Gator", he wanted to be in community and public service, saying that "it was only right for me to dedicate my life to giving back to the city that was so good to me and my family." Adad completed his Bachelor of Arts ( BA) in Criminology & History program at the University of Toronto in 2017. Licensed as an International Crime Prevention Specialist with CPTED-Crime Prevention Through Environmental Design certification, Adad was trained to design streets and spaces that are safer by default. The Council candidate has chaired the Peel Regional Police's Countering Hate Committee, leading 35 partners including service providers and advocacy groups in jointly designing and delivering anti-hate programs across Peel Region. Asked why he is running for Councillor, Adad responded that he has frequently heard from many residents in Ward 7 and across Mississauga about "continuing concerns regarding community safety and the future of our city as we continue to grow, study, live and work here." He said:"Most candidates discover community safety at election time. I've done it for a living. It is not a promise, it's a track record! Crime prevention is my life's work. Let's make Ward 7 a safer and happier place - together."



Louroz Mercader

### LOROUZ MERCADER ( for Mississauga Councillor- Ward 7, Cooksville)

Louroz Mercader, an experienced business improvement executive, public relations specialist and community leader, is running for City Councillor in Mississauga's Ward 7. Mercader says he is devoted to civic engagement and seeks the community's support to continue his work building a better city. A passionate city builder, Mercader bridges business, community and government. He graduated in Public Relations from Humber Polytechnic in 2018 and has developed expertise in public relations, community engagement, strategic planning, and internal and external communications through both professional and volunteer roles. Since 2024, Mercader has served as Executive Director of Downtown Brampton's Business Improvement Area (BIA), where he oversees the organisation's annual operating plan and budget, provides strategic direction and leads programming and staff. "When asked why he put forward his candidacy, Louroz proudly says, 'Cooksville is a special place and the true heart of Mississauga...a place that changed my family's life. It is here that growing up provided me with countless opportunities. I've spent my career building strong and vibrant neighbourhoods across the Greater Toronto Area. Now it's time I give something back to my home. That's why I am standing to become the next City Councillor for Ward 7. Mercader says, "The next chapter of our neighbourhoods shouldn't be decided for us. It should be shaped by us, and focused on making everyday life better for everyone who calls this community home. "It's time to get things done for our families, for our neighbours, for Ward 7!



Willie Reodica

### WILLIE REODICA( for Toronto Councillor-Ward 21, Scarborough Centre)

Willie Reodica, a frequent candidate for a political position over two decades as a Filipino- Canadian, is seeking a city council seat for Ward 21- Scarborough Centre, Toronto. Willie has a Bachelor's degree in Commerce from the Polytechnic University ( PUP) and is President of its alumni association in Ontario. He hails from Luisiana, Laguna and graduated from Quirino High School in Manila. Reodica is a top-selling real estate representative for RJ/Max All-Stars Real Estate Brokerage. His community involvement includes serving as an officer of the Knights of Rizal-Eastern Canada Region and director of the Filipino Canadian Real Estate Association(FILCREA). An "Outstanding Filipino- Canadian Senior Awardee in 2023" by the Filipino Centre Toronto, Willie also received various commendations from several social and community-centred organisations for his professional engagements and advocacy work. In his campaign sorties, Reodica pledged to serve the public with "Serbisyong Taos Puso"(Serving with the Heart) by "listening to our community, taking action that matters, building a better Scarborough, and serving with integrity and heart". Willie, an amiable and kind-hearted community leader, wants to represent the Scarborough Centre riding where he has resided for many years. "Laban lang ng laban" ( try, try, and again try)...that's Willie's war cry, a sign of a persistent political persona.



Dr. Marissa Largo

### MARISSA LARGO ( for TCDSB Trustee-Ward 7, Humber River)

Dr. Marissa Largo, PhD, a university professor, TCDSB teacher of 13 years (Mary Ward CSS), and a mother of two, is a candidate for Trustee for Ward 7 of the Toronto Catholic District School Board (TCDSB). Raised by her devout Catholic parents, Teresita Garrido and Jacinto Largo, Marissa graduated from St Kevin Catholic School and Senator O'Connor College School, where her faith and dedication to embodying Catholic teachings were honed. Largo holds a PhD in Education from the University of Toronto's Ontario Institute for Studies in Education (OISE), a Master of Arts in Art Education from Concordia University, and Bachelor of Fine Arts and Bachelor of Education degrees from York University. She taught at Mary Ward CSS and gained a deep understanding of the challenges facing students, families, and teachers in Ontario's education system. She served in TCDSB advisory committees, like the Filipino Community Advisory Committee and the Special Committee for Race Relations. With over two decades of experience in education, community



Garry Tanuan

engagement, and leadership. She is committed to ensuring that students have access to a high-quality Catholic education that nurtures academic excellence, faith formation, well-being, and a strong sense of belonging. A proud Filipina Canadian and lifelong advocate for inclusive communities. Largo's career has focused on building bridges between education, culture, and community. She was recognised by TCDSB for advancing student success and culturally relevant and responsive curriculum development. "As Trustee, I will be a strong advocate for students, families, educators, and parish communities, ensuring that every decision made at the board table reflects our shared commitment to educational excellence and Gospel values", Largo pledged.

### GARRY TANUAN( for TCDSB Trustee-Ward 8, Scarborough)

One of the longest-serving Catholic school trustees, Garry Tanuan was first elected to the Toronto Catholic District School Board (TCDSB) in December 2012, then in 2014, 2018, and 2022 has represented Ward 8 -Scarborough. Born in Dumaguete City, Philippines, Garry was raised in a devout Catholic family and educated by the Holy Cross Fathers. A Scarborough resident for 19 years, he is married to Marla Mercado and has four children who all attended TCDSB schools. He served as a representative on the Catholic Parent Involvement Committee and the Toronto Association of Parents in Catholic Education. Garry has been an active member of local and international Catholic mission/prayer groups (Couples for Christ, Sword of the Spirit), and is a parishioner and lector at St. Joseph's Church in Highland Creek. With a Bachelor of Science in Electrical Engineering from Silliman University and as Instructor of Computer Studies at Seneca @ York University, he has worked for over 20 years as a consultant and project manager in the financial, biotech, clinical research, energy and education industries. He is a member of the Association of Clinical Research Professionals, Certified Project Manager, PMP - Project Management Institute and is President of the Christopher Leadership and Effective Speaking, Lumen Institute of Canada. As a Trustee, he has collaborated with Ward 8 principals, pastors/chaplains, CSACs and Catholic parent organisations. Tanuan professed that "Understanding that Catholic education is an extension of our Church's teaching mission and a separate school system is essential in addressing the challenges we face today and tomorrow." Garry believes that "every Catholic child must be educated and immersed in the Catholic faith, and feels that he can make a difference in bringing Faith into our community, anchored in hope, with love for all children". Once reelected, Tanuan will continue encouraging the TCDSB to "tap into the multitudes of resources available, including the 53 organisations in the Archdiocese of Toronto Lay Association listing, which are all committed to helping Catholic families in enhancing their Faith."

### MILES ROQUE ( for PDSB Trustee- Wards 1 & 7, Mississauga)

Born and raised in the Ward 1 Applewood Acres neighbourhood, Miles Roque has a comprehensive understanding of the people and needs of the Wards 1 & 7 community. This was aptly reinforced when dealing firsthand in the general community and the public education system. A graduate of St. Edmund Separate School-Applewood and St. Paul Catholic Secondary School -Lakeview, Miles obtained an Honours Bachelor of Science degree in Environmental Sciences from the University of Toronto-Mississauga, and a Master's degree in Environmental Applied Science and Management from Toronto Metropolitan University. He has extensive public sector experience in areas such as accessible services, policy implementation and programs at the City of Toronto. Roque's proven experience as a planning manager and business developer, both provincially and internationally, makes him a good candidate for the English public school board.

### HERMAN VILORIA( for DPCDSB Trustee-Wards 2 & 8, Mississauga)

H.Viloria is running for re-election as Separate School Trustee for Wards 2 & 8, Mississauga. Before being elected Trustee in 2022, he was a long-serving Catholic high school administrator in several schools in Mississauga and Brampton. An educator by training and profession, Viloria has been in the classroom and educational leadership for 37 years and served in various positions as a teacher, department head, vice principal, and principal at DPCDSB. He has a Bachelor of Education degree from Brock University and also obtained from Brock U. an Honours Bachelor of Science degree in Computer Science and Information Processing. Viloria also studied at the Ontario Institute for Studies in Education ( OISE). As a Trustee, he has brought to the Catholic school board his perspective and experience in teaching and administration for 37 years, interacting with stakeholders, schools and communities.

### LISA BOWER ( Councillor for Town of Ajax-Ward 3)

Reelectionist Town of Ajax Ward 3 Councillor Lisa Bower was born in Ajax to Filipino parents. She grew up in Toronto and moved back to Ajax in 1999. She is the proud single mother of two wonderful adult children and a grandmother to Lola. Lisa has worked for over 30 years in the financial and insurance industry with expertise in training & development and building client service relationships before running for councillor. Her journey to the Ajax Town Council, Lisa said, began decades ago with her involvement in the community, starting at her children's schools and then at the school board level. Lisa's proven enthusiasm for volunteerism has guided her involvement with many organisations throughout the years, including Feed the Need Durham, Food Banks Canada, Canadian Cancer Society, Fiesta Filipina Dance Troupe, Durham Outlook for the Needy, and Girls Inc. As a Councillor, Bower has served on the Ajax Heritage Advisory Committee, Ajax Accessibility Committee, Downtown Ajax BIA, Ajax Homelessness Task Force, Ajax Indigenous Community and Healing Garden Committee, Ajax Pickering Butterflyway Rangers, and the Ajax Pickering Road Watch Committee. Lisa enjoys being part of a team and welcomes opportunities to learn and grow. Lisa's involvement in the community is her passion, and she was voted Ajax Pickering News Advertiser Readers' Choice Best Local Politician in 2020 & 2021.

### ROWENA SANTOS( Councillor for Brampton-Wards 1 & 5)

Rowena Santos, first elected in 2018 as Councillor for Wards 1 & 5, is the first Filipina elected to Council in the City of Brampton. A proud Bramptonian of Filipino heritage, Rowena is "inspired by community and driven by a passion to change the culture of politics and build a more prosperous, livable and sustainable future." She holds an Honours BBA degree from the Schulich School of Business in Toronto and a Master's degree in Sustainable Development & Environmental Planning from the U.K. London School of Economics. Prior to being elected, she worked at the Ontario Legislative Assembly for over a decade and has mentored countless youth to become politically active across the GTA. Before entering politics, Rowena worked at Magna, RBC and General Mills. She was also the Program Manager of Corporate Citizenship with Imagine Canada, and Executive Director of Emagine, working with venture capitalists and entrepreneurs at the Centre for Social Innovation. Councillor Santos, a single parent, is a supporter of Brampton Animal Services and has personally adopted/rescued two as part of her family. She is a strong supporter of the arts and enjoys playing with her local band "Point of Order".

***Let us all support and elect our Filipino Canadian political candidates. Get out the vote, and this time, with a unified aspiration and collective hope, together we will proudly claim that we have chosen our fellow kababayans to represent our community's "always-cited demographics", yet still considered an "invisible image", as well as the "always-quiet voice", but never "influentially heard" within the political landscape and democratic process. Let's prove otherwise and definitively deliver!*** ( -ByTony A. San Juan, OCT- Retired)



**Miles Roque.**




**Herman Viloria**



**Lisa Bowe**



**Rowena Santos**




# Magkakaroon ba ng World War 3? hinula ba ito sa Bibliya?

Nitong nakaraang 30 taon, iniisip ng marami na paganda na nang paganda ang ugnayan ng mga bansa. Pero totoo nga ba iyan? Pansinin ang mga ulat na ito:

"Nag-aalala ang mga tao na madadamay ang katabing mga bansa dahil sa labanan ng Israel at Hezbollah sa border ng Lebanon habang may digmaan din sa Gaza."—Reuters, Enero 6, 2024.

"Iba't ibang lugar ang inaatake ng mga grupong mula sa Iran, at nagsimula na namang gumawa ng mga nuclear weapon ang Iran. Kaalyado na rin nito ngayon ang Russia at China, at posible itong maging banta sa America at iba pang mga bansa."—The New York Times, Enero 7, 2024.

"Napakalaki ng pinsala sa Ukraine dahil sa walang-tigil na pag-atake ng Russia."—UN News, Enero 11, 2024.

"Gumagandang ekonomiya at lumalakas na militar ng China, tumitinding nasyonalismo sa Taiwan, at di-magandang ugnayan ng China at U.S.—handa na ang lahat para sa isang krisis."—The Japan Times, Enero 9, 2024.

Ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa mga digmaang nangyayari sa ngayon? Mauuwi ba ito sa world war?

Inihula ng Bibliya ang mga nangyayari ngayon

Hindi naman binanggit sa Bibliya ang anumang espesipikong digmaan ngayon. Pero inihula nito na darami ang digmaan at mawawala ang "kapayapaan sa lupa."—Apocalipsis 6:4.

Inihula sa aklat ng Daniel na "sa panahon ng wakas," 'magtutulakan,' o mag-aagawan sa kapangyarihan, ang mga magkakalabang bansa. Sa pag-aagawang iyon, ipapakita nila ang militar na kapangyarihan nila at gagamit sila ng napakalaking "kayamanan."—Daniel 11:40, 42, 43.

**Isang digmaang paparating**

Ipinapakita sa Bibliya na lalala muna ang sitwasyon sa mundo bago ito bumuti. Sinabi ni Jesus na "magkakaroon ng malaking kapighatian na hindi pa nangyayari mula nang pasimula ng mundo." (Mateo 24:21) Pagkatapos ng "malaking kapighatian," magsisimula ang digmaan ng Armagedon, o ang "digmaan ng dakilang araw ng Diyos na Makapangyarihan-sa-Lahat."—Apocalipsis 16:14, 16.

Gagamitin ng Diyos ang digmaan ng Armagedon para alisin ang pamamahala ng tao, na naging dahilan ng napakaraming digmaan. Kaya sa digmaang ito, maliligtas ang mga tao at hindi mapapahamak. Para malaman kung paano magkakaroon ng kapayapaan dahil sa Armagedon.

Ang digmaan ng Armagedon ay tumutukoy sa pangwakas na digmaan sa pagitan ng Diyos at ng mga gobyerno ng tao. Ang mga gobyernong ito at ang kanilang mga tagasuporta ay sumasalansang sa Diyos ngayon pa lang dahil hindi sila nagpapasakop sa kaniyang pamamahala. (Awit 2:2) Wawakasan ng digmaan ng Armagedon ang pamamahala ng tao.—Daniel 2:44.

Ang salitang "Har-Magedon" (Armagedon) ay minsan lang lumitaw sa Bibliya, sa Apocalipsis 16:16. Bilang hula, ipinakikita ng Apocalipsis na sa "dako na sa Hebreo ay tinatawag na Har-Magedon," ang "mga hari ng buong tinatahanang lupa" ay 'titipunin sa digmaan ng dakilang araw ng Diyos na Makapangyarihan-sa-lahat.'—Apocalipsis 16:14.

Sino ang maglalaban sa Armagedon? Pangungunahan ni Jesu-Kristo ang isang makalangit na hukbo tungo sa tagumpay laban sa mga kaaway ng Diyos. (Apocalipsis 19:11-16, 19-21) Kasama sa mga kaaway na ito ang mga humahamak sa Diyos at sumasalansang sa kaniyang awtoridad.—Ezekiel 39:7.

Ang Armagedon ba ay literal na magaganap sa Gitnang Silangan? Hindi. Sa halip na sa isang lugar lamang magaganap, ang digmaan ng Armagedon ay sasaklaw sa buong lupa.—Jeremias 25:32-34; Ezekiel 39:17-20.

Ang Armagedon, na isinasalin ding "Har–Magedon" (Har Meghiddohn sa Hebreo), ay nangangahulugang "Bundok ng Megido." Ang Megido ay isang dating lunsod sa nasasakupan ng sinaunang Israel. Iniuulat sa kasaysayan ang mahahalagang digmaan na naganap sa lugar na ito, kasama na ang ilan na nakaulat sa Bibliya. (Hukom 5:19, 20; 2 Hari 9:27; 23:29) Gayunman, ang Armagedon ay hindi maaaring tumukoy sa literal na lugar malapit sa sinaunang Megido. Wala namang malaking bundok doon, at kahit isama pa ang kalapít na Mababang Kapatagan ng Jezreel, hindi ito sapat para sa lahat ng lalaban sa Diyos. Sa halip, ang Armagedon ay ang pandaigdig na pangyayari kung saan magtutulong-tulong ang mga bansa upang labanan ang pamamahala ng Diyos sa abot ng kanilang makakaya.

Ano ang mangyayari sa digmaan ng Armagedon? Bagaman hindi natin alam kung paano gagamitin ng Diyos ang kaniyang kapangyarihan, maaaring gamitin niya ang mga sandatang nagamit na niya noon—graniso, lindol, humuhugos na ulan, apoy at asupre, kidlat, at sakit. (Job 38:22, 23; Ezekiel 38:19, 22; Habakuk 3:10, 11; Zacarias 14:12) Dahil sa kalituhan, ang ilan sa mga kaaway ng Diyos ay magpapatayan, pero matatanto nga nila na ang Diyos mismo ang kalaban nila.—Ezekiel 38:21, 23; Zacarias 14:13.

Ang Armagedon ba ang magiging katapusan ng mundo? Hindi ito ang magiging katapusan ng ating planeta, yamang ang lupa ang tahanan ng tao magpakailanman. (Awit 37:29; 96:10; Eclesiastes 1:4) Sa halip na lipulin ang sangkatauhan, ililigtas nga ito ng Armagedon, dahil "isang malaking pulutong" ng mga lingkod ng Diyos ang makaliligtas.—Apocalipsis 7:9, 14; Awit 37:34.

Gayunman, bukod sa pagtukoy sa lupa, ang salitang "sanlibutan" sa Bibliya ay tumutukoy kung minsan sa napakasamang lipunan ng tao na salansang sa Diyos. (1 Juan 2:15-17) Sa diwang ito pasasapitin ng Armagedon ang "katapusan ng sanglibutan."—Mateo 24:3, Ang Biblia.

Kailan mangyayari ang Armagedon? Nang tinatalakay ni Jesus ang "malaking kapighatian" na magtatapos sa digmaan ng Armagedon, sinabi niya: "May kinalaman sa araw at oras na iyon ay walang sinuman ang nakaaalam, kahit ang mga anghel sa mga langit kahit ang Anak, kundi ang Ama lamang." (Mateo 24:21, 36) Pero ipinakikita ng Bibliya na ang Armagedon ay mangyayari sa panahon ng di-nakikitang pagkanariRito ni Jesus, na nagsimula noong 1914.—Mateo 24:37-39.



# Ang Armagedon ay isang Magandang Balita

## "Tinipon sila ng mga ito sa . . . Armagedon."—APOC. 16:16.

SINASABI ng mga tao na ang "Armagedon" ay isang digmaang nuklear o pagkagunaw ng mundo. Pero sinasabi ng Bibliya na ang Armagedon ay isang magandang balita na dapat panabikan! (Apoc. 1:3) Hindi pupuksain ng digmaang ito ang sangkatauhan, kundi ililigtas pa nga! Paano?

Ipinapakita ng Bibliya na ang digmaan ng Armagedon ay magliligtas sa sangkatauhan dahil tatapusin nito ang pamamahala ng tao. Pupuksain nito ang masasama at iingatan ang mga matuwid. At ililigtas nito ang ating planeta mula sa lubusang pagkasira. (Apoc. 11:18) Para mas maintindihan natin ang mga puntong ito, talakayin natin ang apat na tanong: Ano ang Armagedon? Ano muna ang mangyayari bago ito dumating? Paano tayo makakasama sa mga maliligtas sa Armagedon? Paano tayo makakapanatiling tapat habang papalapit ang Armagedon?

## ANO NGA BA ANG ARMAGEDON?

Ang salitang "Armagedon" ay isang beses lang lumitaw sa Kasulatan, at galing ito sa salitang Hebreo na nangangahulugang "Bundok ng Megido." (Apoc. 16:16; tlb.) Ang Megido ay isang lunsod noon sa Israel. (Jos. 17:11) Pero ang Armagedon ay hindi tumutukoy sa isang literal na lugar. Partikular itong tumutukoy sa kalagayan kapag nagtipon na ang "mga hari ng buong lupa" laban kay Jehova. (Apoc. 16:14) Pero sa artikulong ito, gagamitin din natin ang salitang "Armagedon" para tumukoy sa digmaang sisiklab pagkatapos na pagkatapos magtipon ang mga hari sa lupa. Paano natin nalaman na ang Armagedon ay isang makasagisag na lugar? Una, walang literal na bundok ng Megido. Ikalawa, ang palibot ng Megido ay napakaliit para magkasya ang "mga hari ng buong lupa" at ang kanilang mga hukbo at sandatang pandigma. Ikatlo, gaya ng makikita natin sa artikulong ito, ang digmaan ng Armagedon ay magsisimula kapag ang "mga hari" ng mga bansa ay lumusob na sa bayan ng Diyos, na nasa iba't ibang panig ng mundo.

Paano tatalunin ng Diyos sa Armagedon ang mga kaaway niya? Puwede siyang gumamit ng iba't ibang paraan. Halimbawa, baka gamitin niya ang lindol, graniso, at kidlat. (Job 38:22, 23; Ezek. 38:19-22) Baka paglaban-labanin niya ang kaniyang mga kaaway. (2 Cro. 20:17, 22, 23) At baka gamitin niya ang kaniyang mga anghel para lipulin ang masasama. (Isa. 37:36) Anuman ang gamitin ng Diyos, mananalo siya. Lahat ng kaaway niya ay mapupuksa. At ang lahat ng matuwid ay maliligtas.—Kaw. 3:25, 26.

## ANO MUNA ANG MANGYAYARI BAGO ANG ARMAGEDON?

***Sisigaw muna ng "kapayapaan at katiwasayan" bago ang "araw ni Jehova." (Basahin ang 1 Tesalonica 5:1-6.) Sa 1 Tesalonica 5:2***, ang "araw ni Jehova" ay tumutukoy sa "malaking kapighatian." (Apoc. 7:14) Paano natin malalaman kung magsisimula na ang kapighatiang ito? May sinasabi ang Bibliya tungkol sa isang kakaibang proklamasyon. Ito ang magsisilbing hudyat ng malaking kapighatian.

Ito ang inihulang pagsigaw ng "kapayapaan at katiwasayan." Bakit isisigaw iyan ng mga lider ng mga bansa? Makikibahagi ba ang mga lider ng relihiyon? Posible. Pero ang proklamasyong ito ay isa na namang kasinungalingan mula sa mga demonyo. At mapanganib ito dahil paaasahin nito ang mga tao na magkakaroon ng katiwasayan, pero ang totoo, hudyat na pala ito ng malaking kapighatian. Oo, "biglang darating ang kanilang pagkapuksa, gaya ng kirot na nadarama ng isang babaeng manganganak." Paano naman ang mga tapat na lingkod ni Jehova? Baka magulat pa rin sila sa biglang pagdating ng araw ni Jehova, pero nakahanda sila.

Hindi pupuksain ni Jehova ang buong sanlibutan ni Satanas sa isang pagkakataon lang, gaya ng ginawa niya noon sa panahon ni Noe. Sa halip, mangyayari ang pagpuksa sa dalawang yugto. Una, pupuksain niya ang Babilonyang Dakila, ang pandaigdig na imperyo ng huwad na relihiyon. Pagkatapos, sa Armagedon, pupuksain niya ang iba pang bahagi ng sanlibutan ni Satanas, kasama na ang politika, militar, at komersiyo. Talakayin natin ang mga detalye sa dalawang mahahalagang pangyayaring ito.

Matapos mapuksa ang lahat ng huwad na relihiyon, ang bayan ng Diyos na lang ang matitira, gaya ng isang punong nanatiling nakatayo sa kabila ng napakalakas na bagyo. Siyempre, mag-iinit sa galit si Satanas. Kaya gagamit siya ng "maruruming mensahe," o maling impormasyon mula sa mga demonyo, para udyukan ang koalisyon ng mga bansa na lusubin ang bayan ni Jehova. (Apoc. 16:13, 14) Ang koalisyong ito ay tinatawag na "Gog ng lupain ng Magog." Kapag nilusob na ng mga bansa ang bayan ni Jehova, magsisimula na ang digmaan ng Armagedon.—Apoc. 16:16. ***LEARN MORE: Visit JW.ORG***

# PEACEFUL HOPE



Jehovah's Witnesses are more than a name—they are a worldwide community united by faith in Jehovah God, love for Jesus Christ, and a desire to share the Bible's hope with others. Their message is centered on God's Kingdom and the promise of a peaceful earth. - Visit JW.ORG


ELEVATE YOUR HOME.
EXCEPTIONAL LIVING, EFFORTLESSLY.
Reg. $698
SPECIAL: $498
GRAY WOOD STORAGE BUNK BED
Reg. 1498
SPECIAL: $998
BLUE VELVET FABRIC SECTIONAL
Reg. $598
SPECIAL: $398
ALL WOODEN DINETTE SET
Reg. $498
SPECIAL: $368
GOLD FRAME QUEEN STORAGE BED
Reg. $298
SPECIAL $198
QUEEN PLATFORM BED
Reg. $598 SPECIAL: $398
DESIGNED GLASS DINETTE
BUNK BED: CA$498 SPXCIAL)
SECTIONAL: CA$396 SPECIAL
WOOD DIKETTR: CA$398
DINING RET: CA$398
DINING CAT: CA$398
CHEST: CA$398
T665W
$168
Folding BED
BEST SELLERS!
SHOP NOW &
TRANSFORM YOUR SPACE.
OUR LOCATION:
1160 Ellesmere Road, Scarborough.
Tel: (416)298-1168
limited time offer
SHOP NOW
HYATT FURNITURE




# Ang 43-anyos na si Jasmin Esquivel mula sa Prince Albert kinoronahan na Mrs. Canada Universe 2026 sa Surrey, B.C.

Si Esquivel at ang kanyang pamilya nagsimulang mag-volunteer sa care homes at ilang sports event, nag-organisa pa nga sila ng sariling fun run, bago maganap ang pageant.

Ang kanyang layunin ay ipaalala sa bawat babae at ina na mayroon palaging espasyo sa iyong buhay para sa iyong mga pangarap, aniya.

There's always a perfect time for you. So after having this crown and this title, I just realized that you can still continue your dreams, aniya.

Having kids doesn't mean we will stop.

Sinabi ni Balajonda na siya ay nagpapasalamat na nasamahan niya ang kanyang ina sa buong proseso.

She inspires me as a woman, that even though you're still a mother, you can still pursue your dreams. Even though you have five children, you can still do what you love.

Si Esquivel ay magtutungo sa Sri Lanka sa Oktubre para sa Mrs. Universe 2026, siya ang magiging kinatawan ng Canada at ng kanyang bayan.

Sinabi ng kanyang mga anak na hindi na sila makapaghintay na suportahan siya sa susunod na yugto.

We're here for you and we're cheering for you and we love you so much. - ***RCI***



Mrs. Jasmin Esquivel

Serving our community since 2000

# Our Advertisers Refer Us To Their Friends, FIND OUT WHY.



*"Canada has a strong and active Filipino community of nearly 1 million people live in Canada. Making them the third-largest Asian Canadian group in the country and the largest from Southeast Asia. The Filipino is Canada's fastest growing language."*

CALL US FOR A PACKAGE RATE TO HELP YOU GROW WITH OUR FULL TO YOUR BUSINESS

**ADVERTISE TO TALIBA...IT WORKS!** Taliba Newspaper & Flipz Media **647-287-1870**



TalibaFlipzMedia

## Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



**Photo Specifications**

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

**For inquiry, call Tel. 416-989-7336 / 647-287-1870 ★ Email: *advertise@flipzmedia.com***

P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

## TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY : **647-287-1870***